

# threeR: App sa Pagreresiklo at Pag-uuri ng Basura

## Tingnan sa iyong smartphone ang mga paraan ng pagtatapon at mga petsa ng pagkolekta para sa mga nareresiklo at basura

Maaari kang alertuhin nitong madaling gamitin na app sa pamamagitan ng alarma kapag parating na ang araw ng pagkolekta ng basura at kung anong uri ito, at gumagana rin ito sa mga smart speaker (kung mayroon ang mga ito ng naka-built in na Amazon Alexa). Mangyaring i-install ito sa pamamagitan ng isa sa mga QR code na nasa ibaba.

- Magagamit sa ilang wika (Ingles, Chinese, Espanyol, Portuguese, Tagalog, at Vietnamese)
- Makikita rin sa website ng lungsod ang impormasyon tungkol sa detalyadong mga katangian gaya ng paggamit ng app sa mga smart speaker (magagamit lamang sa Japanese) at marami pa. ID ng Pahina: 1051925



Madali

Maginhawa

\*Libreng gamitin ang app. (Ang mga natamong gastos ng data ay binabayaran ng user.)

Para sa Android  
(Google Play Store)



Para sa iPhone  
(App Store)



## Mapanganib / Mga Item na Mahirap Hawakan

Hindi makokolekta at mapoproseso ng lungsod ang mga ito. Mangyaring gumawa ng kahilingan para sa pagkolekta sa tindahan kung saan mo binili ito, atbp.

### Mga saklaw na item (Mga pangunahing kategorya)

Mga item na maaaring magdulot ng mga pagsabog o sunog, mapanganib sa katawan, o mahirap hawakan



Mga pampalamig ng tubig, dehumidifier, at iba pang produkto na gumagamit ng mga chlorofluorocarbon




Mga nakalalasang substansya, matatagang na gamot, at mga pestisidyo



Pintura, maruming langis, atbp. (Mga likido)




Mga gas cylinder



Mga baterya



Mga gulong



Mga di-nasusunog na kaha-de-yero



Mga piyano



Makinaryang pang-agrikultura



Mga fire extinguisher

Paano humanap ng lokasyon ng pagkolekta  
Sentro ng Pagtataguyod ng Pagreresiklo ng Fire Extinguisher  
Tel.: 03-5829-6773

## Basura na may Kaugnayan sa Negosyo

- Nahahati ang basurang nalilikha ng mga negosyo at tindahan sa “basurang mula sa industriya” at “pangkalahatang basurang may kaugnayan sa negosyo”.
- **Hindi maaaring itapon ang basurang nalilikha ng mga negosyo sa alinmang lugar ng pagkolekta ng lungsod.**
- Hinihingi sa mga operator ng negosyo na itapon nang maayos ang basurang nalikha ng kanilang negosyo.

### Basurang mula sa industriya

Hindi mapoproseso ng lungsod ang basurang mula sa industriya.

Mangyaring humiling ng pagkolekta mula sa isang kompanya ng pagtatapon na sertipikado bilang isang kompanya ng pagtatapon ng basurang mula sa industriya.

Maaaring makipag-ugnayan ang mga kompanya ng pagtatapon sa sumusunod na samahan.

**Samahan ng Basurang mula sa Industriya ng Aichi Tel.: 052-332-0346 <https://www.aisanky.com/>**

### Karaniwang basura na may kaugnayan sa negosyo

Ito ay basurang nalilikha ng mga tindahan, opisina, atbp. na hindi itinuturing na basurang mula sa industriya.

→ Kasama rito “ang hindi nareresiklo na mga gutay-gutay na papel”, “labi ng hayop at halaman (hilaw na basura)”, atbp.

\*Maituturing na basurang mula sa industriya ang basurang mula sa ilang industriya.

### • Paraan ng pagtatapon para sa basurang may kaugnayan sa karaniwang negosyo

(1) Ipagkatiwala ito sa isang kompanya na sertipikadong kumolekta at maghatid ng karaniwang basura. (Mangyaring tingnan ang website ng lungsod o tumawag sa Sangay ng Pamamahala ng Basura sa. Tel.: 0586-45-5374.)

(2) Maaari itong direktang dalhin ng mga operator ng negosyo sa Sentrong Pangkapaligiran. (Mangyaring tingnan ang [p. 14](#))